

Mga Talinghaga ng Pagkalinga, Mga Retorika ng Pandemya: Kapangyarihan ng mga Infographic at Tungkulin ng Pagsasalin sa Paglupig ng COVID-19

Eugene Y. Evasco
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Ang sanaysay na ito ay sumusuri sa mga ipinaskil na mga *infographic* kaugnay sa pamamahala ng pandemyang COVID-19 sa Pilipinas. Sinusuri nito ang kapangyarihan ng mga piling *infographic* at nagbibigay-puna sa iláng mga halimbawa na nilikha ng mga pamantasan at ahensiya ng pamahalaan. Kaugnay ng paglikha ng *infographic* sa mga wika ng Pilipinas ang pagdodokumento sa mga tungkulin ng iláng tagasalin mula sa Resilience Institute ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Batay sa pag-aaral, nakita ang agarang pagtupad ng mga batikan at baguhang tagasalin sa hangaring mailigtas ang bansa sa isang krisis pangkalusugan. Ikokompara ng pag-aaral na ito ang mga hakbang ng mga multilingguwal ding bansa tulad ng Tsina at India sa mga hakbang na kaugnay sa tinatawag na *emergency linguistics*. May rekomendasyon ang pag-aaral na ito upang higit na mapagbuti ang kalagayan ng mga tagasalin sa ating lipunan.

Mga Susing Salita: *COVID-19, pandemya, pagsasalin, infographics, emergency linguistics, social media flashcard, linguistic diversity*

Huminto ang daigdig. Sumulpot ang isang bagong uri ng coronavirus sa Wuhan, Tsina hanggang sa kumalat ito sa lahat ng dako ng daigdig. Napunô ng mga pasyente ang mga emergency room. May mga tinanggihan sa paggamutan at pinayuhang magpagaling sa kanilang tahanan. Ginawang *isolation room* ang hindi nagagamit na mga gusali. Pansamantalang nagsara ang mga negosyo at mga gawaing kultural tulad ng paglalathala at pagtatanghal sa entablado. Hindi pinapasok ang mga mag-aaral sa kanilang mga paaralan. Naging laganap ang *remote learning at work from home*. Ipinagbawal ang turismo at nagsara ang mga paliparan. Sa Pilipinas, *face mask* ang naging simbolo ng pagsisimula ng bagong taon nang sumabog ang Bulkang Taal hanggang sa opisyal na idineklara ng World Health Organization ang COVID-19 pandemya. Pagkaraan ng isang siglo dulot ng *1918-1919 influenza pandemic*, muli na namang naranasan ng mga Pilipino ang isang nakapipinsalang salot.

ANG PAG-USBONG NG ISANG PANDEMYA

Kay bilis ng mga pangyayari. Bawat araw, nakaantabay ang daigdig sa mga balita sa iba't ibang bansa. Ang di-nakikitang mikroorganismong nagbuhat sa isang siyudad sa Hubei ay naglakbay sa iba't ibang bansa at kontinente. Walang ligtas ang anumang bansa, matatag man ang kanilang mga sistemang pangkalusugan o hindi. Narito ang inihandang *timeline* mula sa magkahiwalay na mga saliksik ng WHO Philippines Country Office (2020), *Trop Health Med* (2020), at UK Public Health Rapid Support Team (2020) sa pangunguna nina Anna Seale at Maryirene Ibetto.

Talahanayan 1: Pag-usbong ng COVID-19 Pandemya sa Pilipinas at sa Daigdig

Petsa	Pangyayari
31 Diyembre 2019	Naghudyat ang China sa WHO China Country Office ng kakaibang mga kaso ng pulmonya mula sa Lungsod Wuhan, lalawigan ng Hubei.
1 Enero 2020	Isinara ang Huanan Seafood Wholesale Market sa Lungsod Wuhan dahil naiugnay ito sa hindi pa maipaliwanag na sakit (<i>unknown aetiology outbreak</i>).
7 Enero 2020	Natukoy ng mga otoridad sa China ang bagong uri ng coronavirus (kalauna'y tinawag na SARS CoV-2) na sanhi ng kumakalat na pulmonya.
12 Enero 2020	Ibinahagi ng China ang <i>genetic sequence</i> ng bagong coronavirus.
13 Enero 2020	Naiulat ang Thailand bilang kauna-unahang kaso ng bagong coronavirus sa labas ng China. Natukoy na nagmula ito sa Wuhan.
20 Enero 2020	Naiulat ang Washington, USA bilang kauna-unahang kaso sa Hilagang Amerika.
24 Enero 2020	Naiulat ang France bilang kauna-unahang kaso sa Europa.

25 Enero 2020	Naiulat ang Melbourne, Australia bílang kauna-unahang kaso sa Australasia (Australia, New Zealand, Papua New Guinea, at iba pang pulo sa Pasipiko).
26 Enero 2020	Naiulat ang Brazil bílang kauna-unahang kaso sa Timog Amerika.
30 Enero 2020	Idineklara ng Direktor Heneral ng WHO ang 2019 nCoV (lumang pangalan ng COVID-19) bílang Public Health Emergency of International Concern batay sa International Health Regulations ng 2005.
30 Enero 2020	Naitalâ ang unang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas. Isa siyáng babaeng <i>Chinese national</i> , 39 taóng gulang.
1 Pebrero 2020	Naitalâ sa Pilipinas ang unang kaso ng kamatayan sa labas ng China dulot ng COVID-19. Isa siyáng laláking <i>Chinese national</i> , 44 taóng gulang mulang Lungsod Wuhan, lalawigan ng Hubei.
11 Pebrero 2020	Opisyal na kinilala ang <i>virus</i> at ang sakit bílang <i>severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2)</i> at COVID-19.
14 Pebrero 2020	Naiulat ang Egypt bílang kauna-unahang kaso sa Africa.
28 Pebrero 2020	Naiulat ang Nigeria bílang kauna-unahang kaso sa sub-Saharan Africa.
7 Marso 2020	Nakompirma ang unang kaso ng lokal na transmision ng COVID-19 sa Pilipinas.
11 Marso 2020	Idineklara bílang pandemya ng Direktor Heneral ng WHO ang pagkalat (<i>outbreak</i>) ng COVID-19.
13 Marso 2020	Europa na ang itinuring na <i>epicenter</i> ng pagkalat ng COVID-19.
27 Abril 2020	Umabot na sa 200,000 ang naitalâng kamatayan dulot ng COVID-19 sa daigdig.

Kapansin-pansin sa mga balitang pambansa na ang suliranin sa pondo ng bansa ay nakaugat sa mahinang kalidad ng mga ospital at mga serbisyong pangkalusugan (e.g., kakulangan ng mga silid para sa *isolation* ng isang pasyenteng may nakahahawang sakit), kakulangan ng mga intubator at kagamitan sa panggagamot, at mabagal na pagpapaabot ng kaalaman kaugnay sa pangangalaga ng kalusugan sa panahon ng emerhensiya. Tulad ng karanasan ng karamihan sa mga bansa sa mundo, hindi handa ang sistemang pangkalusugan ng bansa sa pandemya (Baticulon, 2020).

Ayon kay Peta-Anne Zimmerman ng Griffith Graduate Infection Control Program ng Griffith University, kahit walang ligtas na mga bansa sa salanta ng mga nakahahawang sakit, may mga paraan upang maging handa ang bansa sa paglaganap ng panganib dulot ng epidemya at pandemya. Ilan sa mga ito ay ang pagpapalaganap ng kaalaman at impormasyon, kamulatan kaugnay sa kalusugan, at kasanaya't

estrategiya sa pagtukoy at pagtugon sa mga patohena. Partikular na dulong dito ang tinatawag na “One Health” nangangahulugang “ang kalusugan ng tao ay nakaugnay sa kalusugan ng mga hayop at sa kalagayan ng kalikasan” (sipi kay Zimmerman, buhat sa CDC, 2018).

MGA LAYUNIN NG SALIKSIK

Nais ilarawan ng saliksik na ito ang mga halaga at gampanin ng wikang Filipino bílang wikang ginagamit upang masugpo ang isang pandemya. Binantayan ng mananaliksik ang mga programang pampamahalaan at mga *non-government organization* kaugnay sa pagpapatalastas at pamamahagi ng mahahalagang impormasyong medikal sa simula hanggang sa paglalâ ng pandemya. Sa pamamagitan nito, ilarawan sa saliksik ang naging bayanihan ng mga tagasalin upang ipaabot ang impormasyong madaling maunawaan ng mamamayan ng bansa.

Itatalâ din ang kasaysayan ng kasalukuyang pandemya at iuugnay ito sa mga usaping pangwika. Susuriin ang danas ng ibang bansa hinggil sa gámit ng kanilang mga opisyal at pambansang wika sa pagpapaabot ng mga impormasyon tungkol sa banta at peligro ng pandemya. May mga partikular na grupo at sektor bang naisasantabi dulot ng paggamit ng isang opisyal na wika ng komunikasyong pangkalusugan?

Susuriin din ang mga piling *infographic* sa *social media* kaugnay ng pandemya. May iba’t ibang paksa ang *infographic* tulad ng pangangalaga ng kalusugan, pisikal man o mental. Sa gitna ng pandemya, lumitaw ang isang suliranin na kung tawagin ay *infodemya* (infodemic) o ang pagpapakalat ng mga maling balita at impormasyon.

Layunin ding itanghal ang bayanihan ng mga tagasalin sa Pilipinas sa panahon ng pandemya. Karamihan sa mga tagasaling ito ay boluntaryong nag-alay ng kanilang oras at kasanayan upang maunawaan ng madla ang mga impormasyong nagmula sa World Health Organization, Research Institute for Tropical Medicine, at Department of Health.

Nais hikayatin ng saliksik na ito ang bawat mamamayang Pilipino na muling manalig sa wikang Filipino at mga wika ng Pilipinas bílang mabisang kasangkapan sa pagmumulat sa mga mamamayan sa siyensiya at medisina. Dulot ng kamulang ito, mabibigyan ng sandatang pangkaalaman at pangkarunungan ang bawat isa upang maging ligtas at laging handa sa bagsik ng COVID-19.

MGA ARAL AT KASAYSAYAN NG PANDEMYA

Kapansin-pansing hindi naglaho ang katutubong tradisyon sa pagbibigay-lunas sa COVID-19. Laganap ang pagpapainom ng maligamgam na tubig upang mapawi ang namamagang lalamunan, na isang sintomas ng sakit. Inireseta ang pag-inom ng salabat at kalamansi upang gumaan ang paghinga. Kumalat ang impormasyon na makatutulong ang pagkain ng bawang o kaya’y saging dahil mayaman ito sa vitamin B-6 na makatutulong sa pagpapalakas ng resistensiya o *immune system*. Agad naman itong na-fact check o iwinasto ng mga siyentista ng University of Queensland. Peke ang kumalakat na impormasyong ito. Gayong may taglay na sustansiya ang saging, hindi ito lunas at panlaban sa *virus* (Barcia, 2020).

Naging alingasngas din ang kumalat na balita na makatutulong ang tuob (*salt water steam* o *steam inhalation*) sa pagpapaghinga ng pakiramdam ng mga positibo sa bagong *coronavirus*, lalo na nang ipinahayag ni Gwendolyn Garcia, ang gobernador ng Cebu, sa kaniyang *live video update* noong Hunyo 1, 2020 na “There’s already a medicine for COVID-19, tuob” (Tantuco, 2020). Ipinahayag ng Department of Health na mali ang impormasyon na naging bahagi ng memorandum sa muling pagpapasigla ng turismo.

Sa dalawang magkahiwalay na *fact check*, kapansin-pansin ang tunggalian ng katutubong tradisyon at ng Kanlurang-Siyentipikong tradisyon sa medisina. Itinuturing na alamat at kuwentong-bayan ang katutubong tradisyon. Dapat maging sandigan ang kaalámang nilinang ng siyentipikong pamamaraan, lalo pa’t bago ang *coronavirus* na hindi pa natutukoy ang lunas. Kung may mga gamot man, ito ay pag-repurpose lámang ng mga gamot para sa HIV, malaria, at iba pang retrovirus (Guy et al., 2020).

Sa kasalukuyang pandemya, masisipat ang tradisyong Hudeyo-Kristiyano sa pagiging katuwang ng simbahan sa pangangalaga ng mga maysakit. Bahagi ng kawanggawa ng simbahan ang pagbubukás ng kanilang simbahan at pinamamahalaang paaralan para sa mamamayang sumasailalim sa kuwarantena. Ipinamahagi ng simbahan ang isang *oratio imperata* (*obligatory prayer*) para sa panahon ng COVID-19. Inilabas ng Arsobispo ng Maynila at ng Arsobispo ng Cebu ang nasabing panalangin sa wikang Ingles, Filipino, at Cebuano. May dalawang bersiyon ito na naglalaman ng lumang tawag (2019 N-Corona Virus) at bagong tawag (COVID-19) sa karamdaman.

Nagsimula ang tradisyon ng siyentipikong medisina sa Pilipinas nang nagkaroon ng programang pagbababakuna sa *small pox* noong 1805 (Azicate, 1996).

Katangian ng siyentipikong medisina sa bansa ang “konseptong obligasyon at responsibilidad ng estado ang pag-aalaga ng kalusugan ng mamamayan” (Azicate, 1996). Sa yugtong ito ng kasaysayan, naitatag ang pormal na pagtuturo ng medisina sa wikang Español hanggang sa ito’y ipinagpatuloy noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Kaugnay nito, nagsimula ang pag-usbong at paglinang ng wikang siyentipiko at teknikal sa pamamagitan ng mga paaralang medikal (Azicate, 1996).

Magkaiba ang pagtataglay ng ideang siyentipiko sa pagsasabuhay at praktika nito. Kahit laganap ang siyentipikong kaisipan noong kolonyalismong Amerikano, mataas ang bilang ng mga nasawi dulot ng pandemya. Lumaganap ang kolera sa bansa dahil sa kakulangan ng malinis na tubig, pondo, at kaalámang medikal ng mamamayan; pagtatayo ng mga *concentration camp* noong digmaang Pilipino-Amerikano na naging pugad ng mikrobyo; at burukrasya ng administrasyong kolonyal. Ang naging solusyon ng mga Amerikano ay sunugin ang mga baryong pinaniniwalaang bukal ng salot at ipagbawal ang mga lamay at pagdalaw sa mga maysakit na taliwas sa kinaugalian ng mga Pilipino (Gealogo, 2020). Sa mga taláng ito, mapagtatanto na ang pagpapabaya ng pamahalaang kolonyal sa pampublikong kalusugan ng bansa ay isang patunay ng karahasan. Ang kapabayaang ding ito ay higit pa sa pagpaslang dulot ng pisikal na digmaan.

Upang magkaroon ng malawak na pananaw batay sa kasaysayan at siyensiya, mainam ding sumangguni sa kasaysayan ng mga pandemya sa daigdig. Narito ang pinagyamang talahanayan ng pandemya sa mga yugto ng kasaysayang pandaigdig (Hayes, 2005; Koontz, 2014):

Talahanayan 2: Mga Pandemya sa Kasaysayan ng Daigdig

Pandemya	Mikrobyo	Mga Taon
Plague of Justinian	<i>Yersinia pestis</i>	541-544
Black Death	<i>Yersinia pestis</i>	1346-1353
Cholera	<i>Vibrio cholerae</i>	1817-kasalukuyan
Spanish flu	Influenza A (H1N1)	1918-1919
Asian flu	Influenza A (H2N2)	1957-1959
Modernong Plague	<i>Yersinia pestis</i>	1860-1959
Hong Kong flu	Influenza A (H3N2)	1968-1970
AIDS	HIV	1981-kasalukuyan
Swine flu	Influenza A (H1N1)	2009-2010
COVID-19	SARS-CoV-2	2019-kasalukuyan

Ngayong nasa moderno at siyentipikong yugto na ang bansa sa usapin ng medisina, matibay ang pananalig sa mga siyentipikong pag-aaral at mga praktikang nakabatay sa medisina. Lahat ng mga patakarang pangkalusugan ay may pinag-uugatang kasaysayan. Halimbawa, ang hakbang na *cordon sanitaire* (pagsasara ng isang lugar at

pinagbabawalan ang mga nasa loob na lumabas upang hindi maikalat ang mikrobyo) ay nakabatay sa mahabang kasaysayan ng mga epidemya at pandemya sa daigdig, magmula sa *bubonic plague* sa Europa hanggang sa Ebola sa Kanlurang Africa. Nag-ugat ang praktika ng kuwarentena sa *bubonic plague* noong 1346-1353 at ang paghihiwalay ng mga maysakit sa *plague* ng London noong 1665 (Gealogo, 2020). Ang pagsusuot ng *face mask* at *personal protective equipment* (PPE) ay nag-ugat sa kasuotan ng mga *plague doctor* (may waring tuka ng ibon na maskara na pinasakan ng mababangong bulaklak ng lavender) sa Europa. Napatunayan ang bisa ng *social distancing* at pagbabawal sa mga pagtitipon batay sa mga kasong naitalâ kaugnay sa 1918 Influenza Pandemic sa Estados Unidos (O’Neal, 2007). Ang halaga ng paghuhugas at pag-disinfect ng kamay para sa mga gawaing medikal ay nagsimula noong 1847 batay sa rekomendasyon ni Ignaz Semmelweis para sa mga manggagamot ng Vienna General Hospital (Farndon, 2017).

Sa Pilipinas, ang mabubuting praktika sa pagsugpo ng pandemya ay nagsimula noong 1918. Ito ay ang pagsasara ng mga paaralan; ang pagbubukod ng mga maysakit; at ang pamamahagi ng mga polyetong impormasyonal sa wikang Ingles, Español, at mga katutubong wika sa bansa (Gealogo, 2020).

MGA INFOGRAPHIC KONTRA INFODEMYA

Sa panahon ng *information overload*, mahalagang makapaghatid ng maikli, kaakit-akit, at mabisang impormasyon na tinatawag na *infographic*. Kasinghalaga ito ng gamot at bakuna. Kadalasan, kasinlaki ito ng larawan na maaaring ipaskil sa mga social media site tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram. Nang sumabog ang mga balita ng pandemya, kapansin-pansing pinakinabangan ang *infographic* ng mga ahensiya ng pamahalaan at ibang organisasyon. Layunin ng *infographic* na gabayan ang mamamayan kaugnay sa “maraming pinagmumulan ng impormasyon, labis na impormasyon, impormasyong mahirap isaayos, walang halagang impormasyon, at kakulangan ng oras upang unawain ang impormasyon” (salin kina Eppler at Menjis, 2002).


Katangian ng mga *infographic* na nilikha sa Pilipinas ang pagtataglay ng siste. May bahid ito ng katatawanan at nakaaaliw na hindi isinasantabi ang mahahalagang payo. Halimbawa, sa pagiging laganap ng impormasyon sa paghuhugas ng kamay, may nalikhang larawan na may ganitong *caption*: “Sa sobrang kahuhugas ko ng kamay, lumitaw ulit ang mga kodigo ko nung highschool.” Sa pagpapatupad ng kuwarentena, ganito naman ang sinasabi: “Ang pagiging tambay sa bahay ang isa sa

pinakamahahalagang ambag mo ngayon sa bayan.” Sa isang *infographic* na nilikha ng Sangguniang Kabataan ng Marikina Heights, may “hugot” (nagmula sa matinding emosyon) ang kanilang paalala na nakasulat sa kolokyal at impormal na wika:

1. Mag-alcohol sa kamay, hindi sa atay.
2. Ugaliing maghugas ng kamay, uyy pati yung plato pakidamay.
3. Guys, social distance daw ha. Iwas muna tayo sa mga maling tao.
4. Pakitakpan ang bibig sa tuwing umuubo, bumabahing at nagkakatat ng chismis.
5. To avoid COVID-19, please iwasan po natin ang physical contact lalo na kung may jowa na yung tao.

Natukoy ng artikulong “The power of infographics in research dissemination” ng The Open University ang dahilan kung bakit kaakit-akit ang mga biswal na impormasyon kaysa nakalathalang pananaliksik o artikulo. Nakabatay ito sa mga saliksik nina Trafton (2014), Jensen (2008), Semetko at Scammell (2012), at Hyerle (2000). Narito ang mga sumusunod:

- Nairerehistro at nagtatagal sa utak ang imahen sa loob lámang ng 13 *millisecond*
- Nakakapagrehistro ang ating mata ng 36,000 biswal na mensahe sa loob ng isang oras
- Naiintindihan ang biswal na eksena na mababa pa sa 1/10 ng segundo
- 90% ng impormasyong naihatid sa utak ay biswal (akin ang salin)




Ang sinundang dalawang *infographic* ay nilikha ng magkaibang departamento sa University of the Philippines Manila. Halimbawa ito ng mga gintong butil sa daluyong ng mga impormasyon at misimpormasyon sa *social media*. Ibig sabihin, ito ang mahuhusay na halimbawa ng *infographic* dahil sa payak ngunit dekalidad na impormasyon, may lakip pang maiintindihang ilustrasyon at dayagram. Ang kaliwang larawan ay nilikha para sa mga batà upang ipaliwanag ang sanhi, bunga, at paraan upang matalo ang COVID-19. May walong salin ito sa mga pangunahing wika ng bansa. Maituturing itong isang pahinang kuwentong pambata na may mga elementong naratibo tulad ng banghay, tauhan, at tunggalian. Sa paggamit ng makukulay na ilustrasyon, nabigyang-kapangyarihan ang batà bilang Super Batà na handang puksain ang kaaway na si COVID. Hindi biktima ng pandemya ang batà kundi isang *superhero* na kâyang iligtas ang sarili sa pamamagitan ng kalinisan, tamang nutrisyon, pag-iwas sa matatâong lugar, at paghuhugas ng kamay.

Ang *infographic* sa kanan ay isang napapanahong gabay sa panahong umaapaw ang mga *emergency room* at abalâ ang mga nars at doktor. Dahil sa panawagan na iwasang dumiretso agad sa pagamutan, ang *infographic* na ito ang magsisilbing isang *triage* (pag-uuri sa mga pasyente at pagtukoy sa aksiyong medikal na isasagawa). Binibigyang-kahulugan nito ang mga akronim na “PUI” at “PUM” habang ipinaliliwanag sa madla ang *incubation period* at mga sintomas ng sakit.

Halimbawa ang susunod na dalawang *infographic* ng pagwawasto sa misimpormasyon sa panahon ng pandemya. Napakahalaga ng tungkuling ito upang sagipin ang tao sa kumunoy ng mga pamahiin. Pagwawasto sa mga karaniwang mito ang nilikha ng AGHAM at Kwago (kaliwang larawan). Nagpaalala rin ito sa publiko na suriin ang nilalaman at alamin ang pinagmulan ng mga natanggap na impormasyon. Sinasanay nito ang mamamayan na maging mapanuri at maalam sa *social media*.

Napakahalaga ng *infographic* ng World Health Organization Philippines (kanang larawan) dahil winasak nito ang maling paniniwala na nadadala ng *radio wave* at ng *mobile network* ang *virus*. Kung paniniwalaan ng publiko ang nasabing mito, mawawalan ng silbi ang *social distancing* at kuwarantena. Maraming hindi maniniwala sa pagsusuot ng *face mask* at paghuhugas ng kamay. Dagdag pa ng WHO, “Kumakalat na ang COVID-19 kahit sa mga bansang walang 5G mobile network.”

Ang mainam sa mga halimbawang *infographic* ay nakakuwadro ang mga impormasyon sa makulay na mga disenyo at titik; may mainam na tipograpiya; at may ilustrasyong sumusuporta sa mga detalye. Maitututuring ang mga ito bilang



Saksi ang lipunang Pilipino sa di-matatawarang pagtutulongan ng iba't ibang sektor kaugnay sa krisis. Sa unang linggo ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Luzon na nagsimula noong ika-17 ng Marso, 2020, lumaganap sa *social media* ang salin ni Sarah Raymundo sa depinisyon ng sibilisasyon ayon sa antropologong si Margaret Mead. Tinanong si Mead ng isang estudyante kung ano ang unang katibayan ng sibilisasyon sa isang kultura. Tugon ng antropologo ay “buto ng hita na nabali at muling gumaling” at hindi ang mga inaasahang pruwembang materyal (artefacto) gaya ng “fishhook, clay pot, o kayá’y grinding stone.” Ang pagtatapos ng anekdota ay paliwanag sa kaniyang natukoy:

Ngayon, ang nabaling binti na umige ay ebidensya na may naglaan ng panahon para samáhan ang nahulog at nabalian, binalot ang súgat, kinarga ang kapuwa sa kaligtasan at binantayan hanggang sa makabawi. Ang pagtulong sa kapuwa hanggang makalampas sa paghihirap, doon, doon nagsisimula ang sibilisasyon (salin ni Raymundo, 2020).

Mababanaag ang diwa ng pagkalinga sa pagtutulongan ng dalawang daigdig—daigdig ng medisina at daigdig ng lingguwistika. Dahil sa kasalukuyang pandemya, muling nanawagan ang mga dalubwika na kailangang seryosohin ang dibersidad panglingguwistika (*linguistic diversity*) tulad ng ipinamalas ng mga Tsino kaugnay sa pagtugon sa suliraning pangkalusugan (Piller, 2020). Mahalaga ang paggamit ng katutubong wika ng mamamayan upang ituro ang tamang paghuhugas ng kamay at isakatuparan ang agwatang pangkapwa (*social distancing*) sa walong bilyong tao. Upang magtagumpay ang anomang programa, mahalaga ang partisipasyon ng lahat. Maituturing itong hámon sa dalawang daáng bansa na may 6,000 wika na nangangailangan ng napapanahon at mataas na kalidad ng impormasyon sa kanilang sariling wika (Piller, 2020).

Hindi mairerekomenda ang dulong monolingguwal sa pagbabahagi ng impormasyon dahil may mga sektor na madedehado, maisasantabi, at mapag-iwanan.

Natukoy ni Piller na bulnerable sa kasalukuyang pandemya ang mga nagsasalita at nakakaintindi lámang ng Español sa Estados Unidos, Arabe sa Pransiya, at mga diyalekto sa Tsina. Hindi nila naiintindihan ang mga panawagan ng pamahalaan at ang wika ng kanilang mga manggagamot. May anim na opisyal na wika lámang ng United Nations simula 1946 at mahalagang isalin ng bawat miyembrong bansa ang mga makabuluhang impormasyon tungkol sa pandemya sa iba't ibang wika ng kanilang bansa.

Pinuri ni Piller ang naging praktika sa Tsina sa panahon ng pandemya. Dahil hindi maintindihan ng mga taga-Wuhan ang estandardisadong wikang Tsino, isinantabi muna nila ang ideolohiyang monolingguwal. Idinetalye naman ni Li Yuming (2020) ang *emergency linguistics* na isinagawa ng Beijing Language and Culture University:

- Lumikha ng *handbook* na may 76 na pangungusap at 156 na salitang ginagamit sa pagkilála (*diagnosis*) at paggamot (*treatment*). Isinalin nila ito sa 9 na diyalekto.
- Sa loob ng tatlong araw at gabí, nakabuo sila ng mga *language service product* na makikita sa WeChat, webpage, video, Tik Tok, hotline, at *instant translation service*.
- Isinalin nila ang mga paalala at patalastas sa mga banyagang wika para sa mga banyagang mag-aaral sa Tsina.
- Lumikha sila ng mga anunsyo at patalastas sa payak na Tsino (Plain Chinese) para sa mga banyagang limitado ang kaalaman sa kanilang wika.

Ang mga nabanggit ang tutulong sa mga doktor mula sa iba't ibang bahagi ng Tsina upang makipag-usap sa mga pasyente sa Wuhan. Sa programang ito, naitanghal ang tungkulin ng mga lingguwista sa panahon ng pandemya at kinilala ang kanilang ambag sa serbisyong pangwika.

Alinsunod sa Tsina, naipamalas din sa India ang multilingguwal na dulog sa pagharap sa pandemya, lalo pa't may 22 opisyal na wika ang bansa at mayroong 19,500 wika at diyalekto (Dore, 2020). Mga siyentista ang nagsilbing tagasalin ng mga sanggunian sa COVID-19 at lumikha din sila ng mga *explainer*, *fact-check*, at mga *hoax-busting information* para sa mga organisasyon tulad ng Save the Children, Internews, at Red Cross. Napansin nila na kapag nasa wikang Ingles at Hindi ang mga sanggunian, ipinapalagay ng mamamayan na walang banta ng panganib at wala itong kabuluhan (Dore, 2020). Sa pamamagitan ng mga proyektong pagsasalin sa India, mawawakasan ang mga misimpormasyong laganap sa *social media* gaya ng nagpapataas ng resistensiya ang ihi at dumi ng báka; malalabanan ang estigmatisasyon ng mga pasyente at doktor; maiiwasan ang pagpapatiwakal (*suicide*) ng mga takót sa COVID-19, at pagkakasakit ng mamamayang sumunod sa mga maling payo.

ANG PAMANTASAN PARA SA SAMBAYANAN

Tulad ng ipinamalas na programang pangwika ng Beijing Language and Culture University, naging aktibo rin ang mga pamantasan sa Pilipinas sa pagtugon sa mga hamon ng pandemya. Bilang isang pambansang pamantasan, nangunguna ang iba't ibang kampus ng Unibersidad ng Pilipinas sa tungúhing ito. Nagtulungan ang mga mag-aaral at guro ng UP Departamento ng Lingguwistika sa pagsasalin ng mahahalagang impormasyon sa pandemya. Itinuring nila ang kanilang team bilang Language Warriors. Nanawagan din sila ng mga interpreter sa Filipino Sign Language (FSL) upang makinabang sa impormasyon ang mga may problema sa pandinig. Nag-alok ng libreng pagsasalin at balidasyon ang Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ng mga dokumentong may kinalaman sa pandemya. Lumikha ng mga libreng mada-download na aklat pambata ang UPLB College of Human Ecology na nagpapaliwanag sa halaga ng *face mask*, kuwarentena, paghuhugas ng kamay, at *social distancing*. Nakabuo ang UP COVID-19 Pandemic Response Team ng isang *chatbox* na pinangalanang Yani (pinaikling “BaYANIhan”). Maaaring tanungin si Yani ng mga impormasyon kaugnay sa sintomas ng sakit, mga páyong medikal, at ospital na maaaring puntahan kapag naghihinalang positibo sa COVID-19 ang pasyente. Nagbibigay rin ang nasabing *chatbox* ng impormasyon sa mga patakaran at suportang sikososyal (*psychosocial*) upang pangalagaan ang kalusugang mental. May dulong multilingguwal ang kasangkapang ito. Nasa iba't ibang wika, diyalekto, at sosyolekto (i.e. wikang Beki o LGBT slang) ng Pilipinas ang *fightcovid.app* at *Endcovbot*. Tingnan ang sumusunod na dalawang larawan:



Naging aktibo rin ang UP Resilience Institute (UPRI) sa paglikha ng mga *social media flashcard*. Ito’y mga panawagan at páyong medikal na ipinapaskil sa Facebook na nasa wikang Filipino, Aklanon, Basaha Sug, Bikol Sentral, Cebuano, at Chavacano de Zamboanga.

ANG PAGSASALIN SA WIKANG AKLANON

Tatlong tagasalin ang pokus ng pag-aaral na ito kaugnay sa kanilang karanasan, proseso, at pananaw sa kanilang tungkulin. Kinatawan nila ang mga tagasalin sa tatlong pangunahing bahagi ng bansa. Sila rin ang nagbigay ng mga halimbawa ng kanilang salin ng impormasyon sa anyong *infographic* na ipinaskil sa iba't ibang *social media*.

Una ay si Larry Boy Sabangan na nakatirá at nagtuturo sa Kalibo, Aklan. Multilingguwal si Sabangan na nagsusulat sa wikang Filipino, Hiligaynon, Aklanon, at Kinaray-a. *Volunteer language translator* siya ng UPRI. Makikita ang ilan sa mga isinalin niyang teksto tungkol sa mga sintomas ng sakít at halaga ng “flattening the curve.”

COVID 19: Paghisayod it mga Sintomas

SINTOMAS	Sintomas sa COVID-19 (Mababait sa iba pang sakit)	Sintomas sa COVID-19 (Mababait sa iba pang sakit)	Sintomas sa COVID-19 (Mababait sa iba pang sakit)
Eagnet	Pirmi	Maeaka	Pirmi
Pagkagaway	Kon amat	Kon amat	Pirmi
Uso	Pirmi (Mababait sa iba pang sakit)	Rubon it maaka	Pirmi (Mababait sa iba pang sakit)
Paghinatang o Pagbahin	Owa	Pirmi	Owa
Paanakit it eawas	Kon amat	Pirmi	Pirmi
Maeapot o maeabaw nga sip-on	Maeaka	Pirmi	Kon amat
Pagpakit it babaw	Kon amat	Pirmi	Kon amat
Pagpandito	Maeaka	Owa	Kon amat sa mga unga
Sakit it ueo	Kon amat	Maeaka	Pirmi
Nabudlayan sa Pagginhawa	Kon amat	Owa	Owa

Source: WHO Center for Disease Control and Prevention. Translated into Aklanon by Larry Sabangan Lantad by Cyber Barrios Graphics by Ash Barrios.

Tapanon ta ro kurbada!

1. Magtinir sa sued it bayay.
2. Ubrahon gid ro social/safe distancing (pagpaeayo it distansiya sa ibang tawo).
3. Maghugas/ isanitte ro alima.
4. Magpasuk it surgical mask o iba pang kaparehas kara sa mga matawo nga lugar.
5. Test ag ipaeain ro tanan nga ginadudahan ag may nga posible kaso it COVID 19.

Gusto man namon umanon nga kinahang-ean it Automated LGU Data Collecting System. Paagi sa pagbuo it real-time nga datos, maubra naton nga mabantayan ro pag-eawig ag pagtaeap-on it kaso ag masayran ro mga lugar nga ginatan-aw nga hotspots ag may outbreaks sa kada adlaw.

Notes: 1. Photo: Ken No. 2. Modified Community Quarantine Region April 30. Analysis and Recommendations IPI-2020-18. Prepared by: Department of Health - Aklan.

Buhat sa personal kong pakikipanayam, nailahok sa proyektong pagsasalín ng UPRI si Sabangan buhat sa rekomendasyon ng dati niyang propesor na si John Barrios. Aniya, bago pa man ang proyektong ito, katuwang na siya ni Barrios sa mga naunang COVID Guidelines ng sangay ng Department of Health sa Aklan.

Pinakalayunin ni Sabangan sa gawaing ito ang “makatulong sa pagsasalín ng materyales para sa pandemya lalo na’t sa mga oras ng pagsisimula pa lang ng krisis ay marami na ang nalilito at hindi pa ganap ang pagkaunawa sa nangyayari.” Dagdag pa niya, nagboluntaryo siya upang “mahasa ang kasanayan at kaalaman niya sa pagsasalín lalo na at may pagkasiyentipiko ang materyales.”

Dahil ito’y isang gawaing pahinungod (pag-aalay para sa kawanggawa), walang natanggap na bayad si Sabangan. Karangalan na sa kaniya ang mapabilang sa grupo ng mahuhusay na tagasalin sa bansa na binuo ng UPRI. May ligayang hatid sa kaniya ang pagtulong sa “lokal na kababayan na mas lalo nilang naunawaan ang mga polisiya, *update*, at *guideline* ukol sa pandemya.”

Masusing inilarawan ni Sabangan ang proseso ng pagsasalin ng kanilang grupo:

1. Mula sa *group chat*, mada-download ang file na maaaring gawin ang pagsasalin *online* o *offline*. Nahahati sa dalawang hanay ang pag-encode. Ang orihinal sa kaliwa at sa kanan naman ang parteng maaaring i-edit.
2. Pagkilála sa materyales o ang *policy note* sa pamamagitan ng pag-unawa sa kabuoang nilalaman. (Karamihan ay nasusulat sa Ingles ang orihinal at isasalin sa wikang nakatalaga—ang wikang Aklanon)
3. Pagsasalin sa diwa ng bawat talata sa pamamagitan ng paghahati-hati nito. Hindi muna inuubos nang tulóy-tulóy ang pagsasalin. Isang talata bawat diwa saká ito isasalin.
4. Pag-highlight sa mga pinagdududahang terminong salin at kung tapós na lahat, saká babalikan at papalitan ng mas angkop na salita.

Ilan sa mga konsiderasyon niya sa pagsasalin, na maaaring maging gabay at modelo ng mga susunod na tagasalin, ay ang mga sumusunod: “1. Ortograpiya ng wikang Aklanon sapagkat may baryasyon ang wikang ito lalo na sa malalápit na karatig-probinsiya gaya ng Antique at Capiz kaya nangangailangang unibersal sa lugar ang gagamiting termino; 2. Teknikal na mga termino lalo na ang mga salita, parirala, o pahayag na may kaugnayan sa medisina o siyensiya. Maingat na mapanatili at maiugnay pa rin sa diwa kahit hindi tinumbasan ang termino; 3. Kapayakan ng mga salita; at 4. Pagpapabasa ng naisalin na sa ibang kakilala at kung may puna sa mga salita, daloy ng pangungusap, o diwa ay pag-uusapan saká papalitan agad. Mas binigyang-diin kung naunawaan ba sa wikang naisalin ang kabuoang nilalaman.”

Iláng teknikal na salita na mapanghamon ngunit kaniyang naisalin ay ang “social distancing” (pagpaeayo sa kada isaea), “healthcare workers” (tinawo sa pagtatap), at “flatten the curve” (pagtapan sa kurbada). Naisagawa ito sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga awtoridad gaya ng mga doktor, nars, guro; at sa mga katutubong Aklanon gaya ng matatanda at mamamayang naninirahan sa probinsiya na lagpas 10 taon.

Sumasang-ayon si Sabangan na ang pagsasalin ay isang akto ng pagkalinga sa kapuwa. Una, “ang pagsasalin ay paglaban sa *fake news* at mga mito ukol sa kumakalat na *virus*.” Dagdag pa niya, instrumento ang pagsasalin upang hikayatin ang mga tao na “mag-ingat at maturuan siláng maging responsable at disiplinado sa mga aksiyon upang sa gayon ay makatulong sa pagpapabagal ng hawaan. Ang impormasyong nakukuha nila mula sa mga naisalin ang higit na sandata nila sa paglaban sa sakit. Nakaabot ito sa *target audience* dahil maraming positibong *feedback*.”

Naipahayag niyang ang pagsasalin ay tanda ng pagiging bukas-palad. Aniya, “Ibinahagi natin sa kapwa ang anumang naunawaan natin sapagkat hindi naman lahat ng kababayan natin ay nakapagtamo ng mataas na antas ng pag-aaral upang makaunawa ng mga komplikado at sensitibong teksto, artikulo, o mensahe.”

ANG PAGSASALIN SA WIKANG CHAVACANO

Susunod na ipakikilala ang karanasan at proseso ng pagsasalin ni Floraime O. Pantaleta, isang tagasalin sa wikang Chavacano. Nagtapos siya sa Mindanao State University (Iligan). Naninirahan siya sa Baliwasan, Zamboanga City at kasalukuyang nagtuturo sa Western Mindanao State University.

Pitóng proyektong pagsasalin ang boluntaryong nilahukan ni Pantaleta sa panahon ng pandemya. Isa na siya sa pinakamasisipag na tagasalin sa dami ng kaniyang naipakitang gawain. Una ay noong Marso 15, 2020 nang isinalin niya sa Chavacano ang DOH Algorithm, isang proyektong itinaguyod ng Tanggol Wika. Sumunod ang pagsasalin sa Chavacano ng terminolohiyang inihanda ni Eilene Narvaez (naisalin ito sa labing-anim na wika sa Pilipinas). Natapos niya ito noong Marso 19, 2020 bílang proyekto ng #AmbagngWika2020. Naging bahagi din siya ng grupong FightCOVID19 Volunteers PH sa Facebook, isang grupo ng mga tagasalin sa mahigit 25 wika sa bansa. Naging tagasalin siya rito, *validator*, at *translation manager* na sumusubaybay at namumuno sa mga boluntaryo sa wikang Chavacano.

Nagsalin din siya ng poster para sa Zamboanga chapter ng Integrated Bar of the Philippines; nagsalin ng mga materyal para sa AGHAM Educators at Kwago; nagsalin ng WHO guideline sa tamang pagtatanggal ng PPE sa Chavacano at Filipino para sa mga *frontliner* ng Basilan; at nagsalin ng mga *social media flashcard* sa Chavacano sa taguyod ng UPRI.

COSA EL COVID-19?

El coronavirus un clase de familia de virus que puede causar enfermedad en maga animal y gente. Na gente, mucho coronavirus el puede causar infección respiratorio como tose y spon hasta na mas grave enfermedad como MERS-CoV, SARS y el coronavirus disease o COVID-19.

Primera vez ya descubri con el COVID-19 despues del outbreak na Wuhan, China del Diciembre 2019.

COSA EL MAGA SINTOMAS DE ESTE?

EL ORDENARIO SINTOMAS:

- Coughing (Tose)
- Hot skin na bay (Fiebre)
- Problemas de respiracion (Dificultad de respiracion)

TIENE VEZ AY PUEDE EXPERIENCIA:

- Distancia del cuerpo (Distancia de seguridad)
- Barrela de madera (Madera de seguridad)
- Quarantine (Cuarentena)

TIENE VEZ AY PUEDE EXPERIENCIA:

- Coughing (Tose)
- Sneezing (Estornudo)

QUIEN-QUIEN EL POSIBLE SALE INFECTAO CON

Todo puede queda enfermo con COVID-19, pero segun na datos, mas delicado el maga siguientes:

- Maga tiene enfermedad o condition medical (Maga tiene enfermedad o condition medical)
- El maga contacto de mas de 15 y mas (El maga contacto de mas de 15 y mas)
- Maga contacto (Maga contacto)

WALANGA NG AQHAM BALSAS

DOH ADVISORY

Q: PAKILAYA TAN TAPON CON EL VIRUS DEL COVID-19?

A: Este ta puede pasa na otro hente y ta puede saka por medio de maga jutay patak estaba si ta conversa, si tan haching, si ta tose el un hente infectado. Ta llama con este "Droplet Transmission".

UN METRO

El maga droplets o patak estaba na hente infectado que ya tose y yan haching ta puede irancasa un metro o 3 feet. Mantene un metro distancia na maga hente que tiene sintomas de enfermedad respiratorio.

EVITA CON EL MAGA LUGAR QUE MANADA GENTE MANTENE DISTANCIA DE UN METRO!

Official DOH.gov.ph 8775-1001 8775-1002

Gaya ni Sabangan, napansin ni Pantaleta na humusay ang kaniyang kasanayan sa pagsasalin sa pamamagitan ng pagboboluntaryo. Hinamon ang kasanayan niya dahil ang karaniwan niyang isinasalin ay mga akdang pampahayagan at pampanitikan. Nabigyan siya ng pagkakataon na magsalin ng mga tekstong siyentipiko at labis na teknikal. Kaugnay nito, inaral din niya ang *risk communication* at sa pamamagitan nito, nakita niya ang halaga ng wika at pagsasalin bilang tugon sa pandemya. Umusbong ang pagsasalin ni Pantaleta buhat sa kaniyang paghahanap ng maitutulung sa gitna ng krisis. Paraan niya ito upang malagpasan ang pagsubok sa kaniyang kalusugang mental. Binigyan siya nito ng pakiramdam ng pag-asa.

Wala siyang natanggap na anumang bayad ngunit kung may natatanging pabuya siyang natanggap—ang opisyal na pagkahirang sa kaniya ng UPRI bilang bahagi ng UP Pandemic Response Team. Mahalaga ang kaniyang pahayag na ang gantimpalang kaniyang natamo ay ang matiyak ang pagiging buhay ng wikang Chavanano sa anyong pasulat. Sa pamamagitan ng pagsasalin para sa *social media*, napananatiling masigla ang wika, naitatalâ ang silbi ng wika sa isang panahon, at nahihikayat ang mamamayan na gamitin ang Chavacano sa paraang pasulat at maging komportable sa mga nakalathalang teksto sa wikang ito.

Kasangkapan ni Pantaleta ang mga diksyonaryo ng kaniyang wika sa proseso ng pagsasalin. Natukoy niya ang mga sumusunod: *Chabacano de Zamboanga Handbook* at *Chabacano-English-Spanish Dictionary* (1999) ni Bernardino S. Camins; *English-Chabacano Dictionary* (2003) ni John Chambers, SJ at inedit ni Salvador Wee, SJ;

at ang *Chavacano de Zamboanga Compendio y Diccionario* (2010) ni Rolando Arquiza Santos. Konsiderasyon niya sa pagsasalin ang magtunog “tipikal na pang-araw-araw na wika” ng mamamayan ang kaniyang salin ngunit nababalanse sa pamamagitan ng pagtiyak sa “kalidad ng siyentipikong impormasyon.”

Mahalaga kay Pantaleta ang “katapatan” (*fidelity*) at pagiging masinop sa pagsasalin sa pamamagitan ng pagiging konsistent at estandardisado sa ibang materyal na isinalin sa isang espesipikong wika. Nagbigay rin siya ng paliwanag sa pagsasalin ng mga teknikal na salita sa Ingles patungong Chavacano:

Talahanayan 3: Pagsasalin sa Chavacano ni Pantaleta kaugnay sa Pandemya

Ingles (ST)	Chavacano (TT)	Mga Tala
Flattening the curve / Flatten the curve	Emplastada el Curva /Emplasta el curva	Nahirapan ako noong una kasi ang salita para sa "flatten," ang "emplasta," ay hindi na masyadong karaniwan sa mga tagapagsalita ng Chavacano. Ito ay nagagamit lámang sa mga tahanan at pamilya kung saan buháy pa ang kanilang mga lolo at lola, at nakakapagsalita pa ng Chavacano. Sa akin, bílang bahagi ng nakababatang henerasyon, naiintindihan ko pa ang "emplastada" kasi ginagamit ito ng aking mga magulang noong bata pa ako at magkasáma pa kaming nakatirá sa Basilan. Sinubukan kong maghanap ng salitáng mas ginagamit sa ngayon pero sa salitáng iyon, ang "aplana", nasasakripsyo rin ang kahulugan ng <i>source text</i> . Ang "emplasta" ay biswal at may kaakibat ding aksiyon na mailalarawan ng tao. Ito ay ang pag-flatten nga. Kayâ medyo mabisa ito para sa akin. Para sa mga di maalala ang salita, isa na itong pagkakataon na maibalik ito sa kanilang alaala at gamitin sa pang-araw-araw.
Local Healthcare Capacities	Capacidad local na asistencia medical	Iba ang sintaksis ng Chavacano. Nauuna ang pangngalan (noun) tapos sinusundan ng panuring (modifier) ng pangngalan (kung mayroon). Kayâ iyong "capacidad" ay nauna at sinusundan ng "local" upang tumukoy sa "local capacities". Ang "na" ay katumbas ng "sa" sa Filipino. Ang "medical assistance" ay "asistencia medical." Ganito ang pagsasalin ko sa mga terminolohiyang ito dahil wala akong mahanap na katumbas ng "healthcare". Ang salitang ito ay isang <i>compound word</i> na matipid pero kailangang i-breakdown pagdating sa pagsasalin. Ang ginamit kong mga salita ay ang mga parati ko na ring naririnig na ginagamit sa radyo at lokal na telebisyon.
Peak of COVID-19	Pinaculo del COVID-19	Ang salitáng "pinaculo" ay hindi rin karaniwan. Napaka-multilingguwal kasi ng Zamboanga City. Minsan nagkakausap ang dalawang tao na ang

		gámit ay apat na wika. Nagsasagutan gámit ang iba't ibang wika pero nagkakaintindihan pa rin. Kayâ sa mga pagkakataon na gagamitin ang "peak," hindi talaga nagagamit ang "pinaculo". Kayâ ang salin nga ay nagbibigay-pagkakataon upang magamit ulit ang mga salitang nalimutan na.
Reproductive number	Numero de reproduccion	Ang "reproductive number" ay isa sa mga kritikal na dapat maayos talaga ang salin dahil ito ay isang konseptong siyentipiko na mahalaga sa pag-intindi sa sitwasyon sa pandemya. Madali lang naman itong ma-capture bilang "numero de reproduccion" kasi <i>straightforward</i> din ang salita.
Critical care	Cuidada critical	Dahil mahilig mag-nominalize ang Ingles, ang pamilyar na "cuidao" (Take care!) o "cuida" (take care/alagaan) ay ginawa kong "cuidada." Isa na rin naman itong salitang Chavacano na maraming gámit, gaya sa "cuidada del anak" (taking care of children), "cuidada del maga siembra" (taking care of plants), atbp. Medyo iba nga lang ang paggamit nito ngayon dahil may <i>modifier</i> na "critical." Pero madali lang itong maintindihan bilang "critical care" sa aking pananaw.
Intensive care	Cuidada intensivo	Ito rin ay kawangis ng "critical care" at masaya ako na madali lang humango mula sa Ingles (gayong hindi ako sigurado kung nauna ba ang salitang Español na "intensivo" kaysa sa Ingles na "intensive").
Severe shortage Moderate shortage Mild shortage	Faltada grave Faltada moderado Faltada leve	Ito ay mga terminolohiya na kinailangan ko talagang humingi ng payo para makatiyak ang salin. Ang "faltada" ay galing sa "falta" (kulang) at ang "faltada" (kakulangan) ay mga salitang malawak na rin ang paggamit sa mga tagapagsalita. Ang salitang "leve" dito ang medyo hindi masyadong pamilyar kasi hindi nagagamit ang "mild" kayâ halos walang salita para rito. Ito rin ay salitang Español, kung kayâ naisipan kong gamitin ang "leve" dahil madali rin itong i-verify kung kailangan.
Within available bed capacity	Dentro na disponible cama capacidad	May mga salita na rin kami para sa mga "within" "available" at "bed capacity" pero bago lang ang paggamit nito ngayon sa pandemya. Kaya hindi ko muna iginigiit masyado na siksik at matipid ang mga ito, ang mahalaga ay madaling maintindihan at normal ang daloy ng pangungusap sa salin.
SEVERE AND CRITICAL CASES AT PEAK AS PERCENTAGE OF TOTAL BED CAPACITY	MAGA CASO GRAVE Y CRITICAL NA PINACULO como POR CIENTO DEL TOTAL CAMA CAPACIDAD	Copy-paste ito mula sa isinumiteng translation sets sa UPRI upang ipakita na ang <i>capitalization</i> at <i>formatting</i> ay mga sistemang kapaki-pakinabang sa pagsasalin. Inihihwalay ng "como" ang dalawang malaking konsepto upang madali itong maintindihan at madali ring maunawaan ang kanilang ugnayan sa isa't isa dahil sa pangatnig (conjunction) na "as"/"como." Sa pagsasalin, konsistent ang ginawa ko sa mga natukoy na konsepto pero dahil bago ang kombinasyong ito at medyo siyentipiko kasi ipapaskil ito sa tabi ng ilustrasyon, sinuri ko kung may kahulugan ito at hindi magtutunog-banyaga.

Exercise social/safe distancing	Pirmi mantene propio distancia na unu y otro.	Isang buong konsepto ang "social/safe distancing" na hindi ganap na maisasalin. Kailangang umasa sa pagkakaintindi ng mga tao sa kung ano ang "proper distance" (propio distancia). Kayâ ang salin ko sa Chavacano ay panatilihin ang distansiya sa kapuwa (mantene propio distancia na unu y otro).
---------------------------------	--	--

Bilang isang *validator*, mahalaga ang pag-eedit at pagkikinis ng mga salin. Para sa salin niya sa UPRI, ipinabása ni Pantaleta ang unang borador sa kaniyang magulang upang makahingi ng puna túngo sa ikabubuti ng teksto. Dumadaan ito sa rebisyon, editing, at konsultasyon bago isumite sa kanilang *graphic designer*.

Bilang tagasalin sa panahon ng pandemya, naniniwala si Pantaleta na hindi dapat nagtatapós ang pagsasalin sa pahina lámang. “Dapat itong makarating sa mamamayan ng komunidad, lalo na sa konteksto ng *risk communication*. Kailangang maisalin ito sa ibang midya at maipahayag sa pamamagitan ng lokal na radyo at programang pantelebisyon,” dagdag pa niya. “Kailangan itong mailathala at naipamudmod sa mga tahanan.” May duda rin si Pantaleta kung nakarating ang kaniyang salin sa mga táong higit na nangangailangan nito. Hindi na raw ito tungkulin ng tagasalin kundi gampanin na dapat ng komunidad. “Kailangan ng pakikipagtulungan ng mga *local government unit* (LGU) at barangay upang mapagtagumpayan ang mga layunin ng pagsasalin. Dapat walang mapag-iiwanan sa pamamahagi ng impormasyon.”

Gaya ni Sabangan, pagkalinga ang prinsipyong namamayani sa boluntaryong pagsasalin ni Pantaleta. Aniya, “Ang pagsasalin ay pagkalinga sa kapuwa, lalong-lalo na sa panahon ng pandemya na mahalaga ang bawat oras. Mahalaga ang nagagawa ng mga salin. Ito ay tumutulong tiyakin na may malawakang akses sa impormasyon at may demokratikong pagpapalaganap ng mga ito.”

KAPAG NAGING VIRAL ANG MGA SALITA: PAGPAPAYAMAN NG TEKNIKAL NA WIKANG FILIPINO

Kinilalang isa sa mga Living Heroes si Eilene Antoinette G. Narvaez ng J. Amado Araneta Foundation bilang pagkilala sa kaniyang proyektong “Terminolohiya Kaugnay ng COVID-19.” Kasalukuyan siyang Assistant Professor ng Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, tagapagsulong ng kampanyang #FilipinoDapat, at kasapi ng Filipinas Institute of Translation. Positibong tinanggap ng mga LGU, organisasyon, paaralan, embahada ng Cambodia at Italya, at ng Philippine Genome Center (PGC) ang proyektong ito. Ginamit itong batayan sa paglikha ng maraming *infographic* ng mga

organisasyon sa unibersidad at ng PGC. Naging gabay din ito ng UPRI sa pagsasalín ng mga dokumento sa wikang Filipino. Nakabuo ng isang diksiyonaryong pambata kaugnay sa pandemya ang UP Kolehiyo ng Edukasyon na sumangguni sa salin ni Narvaez. Dahil din sa proyektong ito, nabuo ang sumusunod na dalawang infographic:



Hindi na bago kay Narvaez ang pagsasalín teknikal dahil sa kaniyang gradwadong pag-aaral sa pagsasalín. Napabilang na siya sa maraming gawain kaugnay sa teknikal na pagsasalín at magmula noong 2004, madalas siyang “kinukuhang tagasalin ng mga pormularyo ng mga doktor na intern na *requirement* nila sa pagtatapos.”

Buhat sa pakikipanayam sa tagasalin, nabanggit niyang “isa kong proyektong personal na resulta ng aking matagal na ring panawagan sa pagsasalín ng mga teknikal na termino sa iba-ibang larang at obserbasyon na rin sa pangangailangan. Noon pa lang Enero, sa pagputok ng Bulkang Taal, inilunsad ko na sa aking Facebook ang #FilipinoDapat, na aking *advocacy* sa pagsasa-Filipino ng mahahalagang impormasyon na dapat maunawaan ng mamamayan. Lagi kasi akong nakatutok sa *social media* at lagi kong nababása ang mga komentaryo ng iba-ibang tao na dapat daw ay yaong inilalabas na impormasyon, lalo na kung presscon, ay dapat nasa wikang kanilang naiintindihan dahil lagi daw kasing Ingles.”

Inamin ng tagasalin na “hindi ko rin nauunawaan kung ano ba ang ‘PUI’ at ‘PUM’? Ano ba ang pagkakaiba ng ‘isolation’ sa ‘quarantine’? Bakit may nagsasabing ‘corona’ at ‘coronavirus’ at noong kalagitnaan ay ‘Covid’ na ang tawag ngunit ang opisyal pala ay ‘COVID-19’ (malalaking lahat at may gitling) at hindi ‘Covid-19.’ Nababanggit din ang ang ‘SARS-CoV-2’ na siyang tawag palá sa virus at ang ‘COVID-19’ ay tawag sa sakit.”

Layunin ng kaniyang proyekto na bigyang-patnubay ang mamamayan kung paano gagamitin at iintindihin ang mga nabanggit na teknikal na salita. Dalawa ang pakay niya sa pagsasalin: “makapagpalinaw ng impormasyon nang walang nadi-discriminate sa wika (dahil kung Filipino, mauunawaan ng lahat anoman ang wikang alam sa bansa), at ikalawa, ma-standardize din ang katawagan at paliwanag ng mga termino.”

Dagdag pa rito ang kaniyang pakikilahok sa ibang proyekto: tagasalin at *proofreader* para sa FightCOVID19 Volunteers Ph; tagasalin at editor para sa COVID-19 Response Team ng UPRI; at tagasalin ng mga *infographic* mula sa Japan sa pamamagitan ni Maho Yamada. Inilathala sa iba’t ibang *website* sa Japan ang huling proyekto at mayroon pa siyang naisalin na isang *e-learning material*.

Napakahalaga ng tungkulin ng isang editor sa pagsasalin dahil kadalasan, ang isang materyal ay pinaghahatian ng maraming tagasalin. Bawat tagasalin ay may iba’t ibang antas ng kakayahan at kasanayan. Mainam na may magbabantay sa kalidad ng malilikhang teksto. Naibahagi ni Narvaez ang isang engkuwentro kayâ nagboluntaryo siyang maging editor: “Napakasama ng pagkakasalin... Halatang hindi binasa ang buo, iba-iba ang salin sa isang salita, mali ang pagsasalin. Ang naalala ko ‘yung salin sa *mass gathering* ay *pagtitipon gaya ng misa*.”

Walang natanggap na anomang bayad si Narvaez sa lahat ng serbisyong pagsasalin. Ngunit may ibang pagkilala siyang natamo mula sa kaniyang pagsisikap:

Sapat na kinilala ang trabaho ko ng maraming grupo. Ang CAL Student Council ay naglabas ng mga *infographic* ng bawat salita. Katuwang nila ang iba-ibang UP Student Council sa ibang kampus at iba-ibang organisasyon sa UP Diliman. Umabot din ang advocacy sa mga embahada sa labas ng Pilipinas tulad ng Cambodia at Italy, at iba pang di ko na po naitalâ. Inilabas din po ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng NCCA sa kanilang *page*. Ang pinakatagumpay siguro ay yaong mismong isa sa *frontline institution* sa COVID-19 response, ang Philippine Genome Center, ang pumansin at naglathala sa kanilang *page* ng terminolohiya. Umabot sa apat na libong *share* ang kanilang *infographic* hango sa terminolohiya at magagandang komentaryo ang natanggap na nauunawaan na raw nila ang mga impormasyon tungkol sa COVID-19. Naging pambansa ang naabot. Naging reperensiya din ang aking ginawa sa *COVID-19 Explainer* ng mga batang doktor at sa inilabas ding *COVID-19 Dictionary* ng UP College of Education. Sa inilabas na *video* ng pinagsama-samang pagsisikap ng UP System ay nakasama rin sa pagkilala ang terminolohiyang ito. Siguro, ang pinakatagumpay para sa akin ay ang pagkilala na kasama ang wika sa paglaban/pagharap natin sa pandemyang ito at naging malaganap ang mga gawain ng pagsasalin sa kasalukuyan hindi lang sa Filipino kundi pati na rin sa iba pang wika sa bansa.

Sumasang-ayon ang naturang tagasalin na ang kaniyang proyekto, na patúloy pa ring pinapagyaan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong salita kaugnay sa pandemya, ay isang praktika ng pagkalinga. Aniya, “ang pagsasalin ang naging daan upang higit na maipadamá sa mga tao na sila ay inaalagaan ng gobyerno dahil kinakausap sila sa wikang pinakamalapít sa kanila.”

Pinatunayan ni Narvaez na ang mga teoryang natutuhan sa pamantasan at ang sapat na praktika sa pagsasalang teknikal ay nakatulong sa panahon ng pandemya. Malinaw rin niyang isinabuhay ang panlipunang tungkulin ng isang tagasalin na laging handang tumugon sa mga hámon at pangangailangan ng panahon. Ipinakita rin niya ang modelo ng pagsasalin na dapat dumaan sa masusing pagbabasá at rebisyon ng teksto. Kailangang maging maagap at maingat dahil búhay ng mga tao ang nakasalalay sa impormasyong taglay ng mga salin.

Higit sa lahat ng ito, kinilalang *frontliner* at bayani ang isang tagasalin sa panahon ng pandemya. Naipamalas ang halaga ng sariling wika sa pangangalaga ng kalusugan at pagsagip sa kapuwa. Hudyat ito sa bago at positibong pananaw sa isang propesyon na naisasantabi at hindi napapahalagahan sa lipunang Pilipino.

TÚNGO SA BAGONG KAMALAYAN (NEW NORMAL) SA WIKANG FILIPINO

Pagkaraan ng pandemya noong Edad Medya sa Europa, nagkaroon ng malawakang pagbabago hinggil sa pag-aaral ng medisina dahil nailantad ang mga problema sa praktika ng panggagamot (Peppas, 2013). Bago ang pandemya noong Edad Medya, ang mga ospital ay nagsilbing bilangguan ng mga pasyente upang hindi na makapanghawa pa ng iba. Pagkaraan ng pandemya, ang mga ospital ay nagbanyuhay bilang isang tunay na pagamutan. Naitatag ang mga paaralan ng medisina at ang pagiging doktor ay naging marangal na hanapbuhay. Napatunayan sa kasaysayan na maaaring makapaglatag ng bagong kamalayan pagkaraan ng pandemya.

Ganito rin sana ang magiging pagbabago sa sistema ng pampublikong kalusugan, at higit sa lahat, sa gampanin ng wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas kaugnay sa siyensiyang pangkalusugan. Ihahapag ngayon ang ilang panukala hinggil sa wikang Filipino at mga wika ng Pilipinas sa bagong kamalayan:

Una, kapansin-pansing nagboluntaryo ang mga tagasalin hindi lámang dahil nais nilang makatulong sa isang emerhensiyang pangkalusugan kundi upang paghusayin ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagsasalin. Sa kadahilanang ito,

inirekomenda na magkaroon ng malawakang pagsasanay at edukasyon ang mga tagasalin. Mahalaga ang gabay ng mga akademikong institusyon upang mapagtagumpayan ito.

Ikalawa, ang pandemya ay panahon ng pagsasalin. Kapuri-puri ang bolunterismong ipinamalas ng mga tagasalin. Huminto man ang daigdig, higit silang naging aktibo sa tungkulin. Sa panahong nawalan sila ng ibang mapagkakakitaan, nakapaglingkod pa sila sa kanilang komunidad. Ngunit sana'y sa susunod, mabigyan sila ng karampatang kompensasyon sa serbisyo. Bahagi ito ng propesyonalisasyon sa larangang nabanggit.

Ikatlo, kailangang itaguyod, planuhin, at paunlarin ang *emergency linguistics* at mga kaugnay na serbisyong pangwika para sa hinaharap. Karapat-dapat itong ilahok sa kurikulum sa mga kolehiyo at gradwadong pag-aaral. May HIV/AIDS pandemya, *outbreak* ng polio, at epidemya ng dengue sa bansa na dapat tugonan ng ating mga dalubwika. Hindi matatapos ang mga sakuna tulad ng pagsabog ng bulkan, bagyo, at lindol. Lagi't laging may banta ng bagong pandemya at epidemya. Kailangang maging handa ang bansa. Marapat armas ang mga tagasalin bilang mga kawal pangwika.

Ikaapat, kaugnay nito, kailangang sanayin at hasain ang mga lingguwista sa teknolohiyang pang-impormasyon (*information technology*). Kapag naturuan silang lumikha ng apps, *software*, at iba pang teknolohiya sa pagsasalin, magiging mas epektibo silang tagasalin na hindi limitado sa teknolohiya ng paglalathala.

Ikalima, mahalagang isakatuparan na ang wika sa mga anunsiyo at impormasyon ay nakalathala't nakasulat sa wikang ginagamit ng mamamayan. Mahalaga ang multilingguwal na pagdulog sa pandemya. Kailangang igalang at itanghal ang dibersidad panglingguwistika (*linguistic diversity*), lalo na't 182 ang naitalang wika ng Pilipinas, ayon sa *Ethnologue*. Mahalaga ang wikang Filipino at katuwang nito sa pagsagip-buhay ang inang wika ng mga pasyente, wikang rehiyonal man ito, diyalekto, o sosyolekto.

At panghuli, hindi lámang sa daigdig ng medisina, marapat maging bagong kamalayan sa wika ang pagsusulong ng intelektuwalisasyon ng lahat ng mga wika sa bansa. Naipamalas sa tatlong kaso ng teknikal na pagsasalin na posibleng makalikha ng mga bagong teknikal na termino at magamit ang mga limot na salita, bukod sa panghihiram ng mga termino sa Ingles. Kaalinsabay nito, higit na napapagyaman at napapanatiling dinamiko ng tagasalin ang kani-kanilang wika dahil kayang maging makabuluhan at napapanahon ng wika sa panahon ng pandemya.

Kailangang pagyamanin, sa pamamagitan ng intelektuwalisasyon, ang lahat ng wika sa bansa. Taumbayan ang makikinabang sa prosesong ito dahil makararating at maiintindihan nila ang kaalaman at karunungan nilang buhat sa mga pagamutan at pamantasan.

TALASANGGUNIAN

- Azicate, Enrico R. "Paggamot, medisina at wika" nasa *Mga piling diskurso sa wika at lipunan* nina Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza (mga pat.), Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Barcia, Liana. "FALSE: Video saying bananas prevent coronavirus," *Rappler*, Marso 17, 2020 <https://www.rappler.com/newsbreak/fact-check/254883-video-bananas-prevent-coronavirus>
- Baticulon, Ronnie E. "The Philippine health care system was never ready for a pandemic," *CNN Philippines*, inakses noong Marso 20, 2020 <https://cnnphilippines.com/life/culture/2020/3/20/healthcare-pandemic-opinion.html?fbclid%3Ffbclid%3Ffbclid%3Ffbclid>
- Byock, Ira. *The best care possible: a physician's quest to transform care through the end of life*. London: Avery, 2013.
- Centers for Disease Control and Prevention (CDC). "One health," Nobyembre 5, 2018, inakses noong Hunyo 12, 2020 <https://www.cdc.gov/onehealth/basics/index.html>
- Dore, Bhavya. "How do you translate a pandemic?" *The New Humanitarian*, Hunyo 23, 2020, <https://www.thenewhumanitarian.org/feature/2020/06/23/Coronavirus-India-language-translation>
- Eberhard, David M., Gary F. Simons, at Charles D. Fennig (mga pat.) *Ethnologue: language of the world*. Ika-23 edisyon. Dallas, Texas: SIL International, 2020.
- Edrada EM, Lopez EB, Villarama JB, et al. "First COVID-19 infections in the Philippines: a case report" [nailathala ang pagwawasto sa Trop Med Health. 2020 May 7; 48:30]. *Trop Med Health*. 2020; 48:21. Nailatlala 2020 Apr 14, inakses Hunyo 13, 2020. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/32308532/>
- Eppler, M. and Menjies, J. "The concept of information overload: a review of literature from organization science, accounting, marketing, MIS and related disciplines," *Information Society*, Tomo. 2, Blg. 5, mp. 325–44, 2002.
- Farndon, John. *Tiny killers: when bacteria and viruses attack (the sickening history of medicine)*. London: Hungry Tomato, 2017.
- Gealogo, Francis Alvarez. "Will Covid [sic] go away?: Lessons from 1903-05 cholera and the 1819-19 influenza pandemic in the Philippines," webinar na isinagawa noong Abril 7, 2020.
- Gealogo, Francis A. "The Philippines in the world of the influenza pandemic of 1918-1919," *Philippine Studies*, Tomo 57, Blg. 2, Hunyo 2009.
- Glynn, Judith, Maryirene Ibeto, at Anna Seale. "COVID-19: Tackling the Coronavirus" *FutureLearn*, inakses noong Mayo 24, 2020 <https://www.futurelearn.com/courses/covid19-novel-coronavirus/2/todo/74685>

- Guy, R. Kiplin et al. "Rapid repurposing of drugs for COVID-19" *Science*, Tomo 368, Blg. 6493, Mayo 22, 2020 <https://science.sciencemag.org/content/368/6493/829>
- Hayes, J.N. *Epidemics and pandemics: Their impacts on human history*. Santa Barbara, CA: ABC CLIO, Inc., 2005.
- Koontz, Robin. *The science of a pandemic*. Ann Arbor, MI: Cherry Lake Pub., 2014.
- Narvaez, Eilene Antoinette G. "Terminolohiya kaugnay ng COVID-19 (Salin sa Filipino), Quezon City: Lathalang Estilong Filipino, bersiyong Marso, 20, 2020.
- Narvaez, Eilene Antoinette G. Personal na panayam, Hulyo 12, 2020.
- O'Neal, Claire. *The influenza pandemic of 1918*. Florida: Mitchell Lane Publishers, 2007.
- Pantaleta, Floraime Oliveros. Personal na panayam, Hulyo 8, 2020 at Hulyo 12, 2020.
- Peppas, Lynn. *Plague!*. New York: Crabtree Publishing, Co., 2013.
- Piller, Ingrid. "COVID-19 forces us to take linguistic diversity seriously" nasa *12 Perspectives on pandemic: international social science thought leaders reflect on COVID-19* ni Gerhard Boomgaarden (pat.), Berlin: De Gryuter, 2020.
- Raymundo, Sarah. (tagasalin) "Ang unang patunay ng sibilisasyon" Facebook post, sinangguni noong Marso 22, 2020. <https://www.facebook.com/photo?fbid=10219943623553924&set=a.2775321335171>
- Sabangan, Larry Boy. Personal na panayam, Hulyo 8, 2020 at Hulyo 12, 2020.
- Tantuco, Vernise L. "FALSE: Tuob is a cure for COVID-19," *Rappler*, June 30, 2020 <https://www.rappler.com/newsbreak/fact-check/265273-tuob-cure-covid-19>
- The Open University. "The power of infographics in research dissemination," sinangguni noong Mayo 25, 2020 <https://www.open.edu/openlearn/education-development/the-power-infographics-research-dissemination/content-section-0?active-tab=content-tab>
- World Health Organization. "Coronavirus disease (COVID-19) in the Philippines," Mayo 9, 2020, sinangguni noong Hunyo 13, 2020 <https://www.who.int/philippines/emergencies/covid-19-in-the-philippines>
- Yuming, Li. "Language lessons of COVID-19 and linguistic disaster preparedness" *Language on the Move*, Marso 27, 2020 <https://www.languageonthemove.com/language-lessons-of-covid-19-and-linguistic-disaster-preparedness/>
- Zimmerman, Peta-Anne et al. "Plagues, pestilence and pandemic: Are you ready?" *FutureLearn*, inakses noong Hunyo 12, 2020 <https://www.futurelearn.com/courses/plague-pestilence-pandemic/5/todo/68039>

ANG SALIKSIK

Ang papel na ito ay nagwaging Sanaysay ng Taon 2020 sa Komisyon sa Wikang Filipino.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **EUGENE Y. EVASCO** ay propesor ng malikhaing pagsulat at panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naging Research Fellow siya sa International Youth Library sa Munich, Germany. Nagwagi siya bílang 2020 Mananaysay ng Taon mula sa Komisyon sa Wikang Filipino. Ang kaniyang *Ang Aklatang Pusa* ay napabilang sa White Ravens List noong 2019. Siya ay kabilang sa Hall of Fame ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at ginawaran ng Dangal ng Panitikan 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino.